

1

“Maya, Maya, gising na!”

Naalimpungatan ang dalaga sa tinig ng kanyang Yaya Sering.

“Good morning, Yaya. Maaga pa, matulog pa tayo,” aniya sa mahinang boses na halatang antok pa. Kinabig niya ang matanda at hinila sa kama. Pero bumalikwas lang ang katulong at muli ay ginising siya.

“Eh, alas nueve na, Hija. Mukhang late ka na naman.”

“Ha?” Napamulagat siya at dali-daling bumangon. “Nine o’clock na? Paano nangyari ’yun? Hindi nag-alarm ang cellphone ko!”

Bumuntong-hininga ang matanda. “Paano, hindi ka naman talaga nag-set ng alarm.” Inilapag nito ang gadget sa tabi niya. Pinanood siya ng matanda habang taranta siyang nag-aayos para pumasok sa unibersidad.

“I’m late! I’m late! Yaya, pakihanda nga po ng breakfast ko,” baling niya sa matanda.

“Nakahanda na, Hija. At hinihintay ka na din ng daddy mo. Bilisan mo na riyan at masesermonan ka na naman,” sagot ng matanda bago siya iniwan sa kanyang kuwarto.

Hay... Bakit ba parati akong late? Nakakalimutan ko pang mag-alarm. Kainis! sigaw ng isip niya.

Tapos na siyang maligo at mag-ayos. Hahabol na lamang siya sa susunod niyang klase. Tumungo siya sa komedor kung saan naroon ang ama. Naupo siya sa harap nito. Abala ito sa pagbabasa ng diyaryo.

“Good morning, Dad. Kain po,” aniya bago mag-umpisang kumain.

Ibinaba ng matanda ang diyaryo at tumingin sa kanya.

“Maurine Aisne Medina!” halos sigaw nito. “Anong oras na? Maya, Anak, kailan ka ba papasok nang maaga sa klase mo? Aba, eh, huling sem mo na 'to, paganyan-ganyan ka pa.”

“Dad, I’m early, okay? Maaga pa para sa sunod na klase ko.”

“At nagpapalusot ka pa! Absent ka na naman sa first class mo dahil late ka. Sumeryoso ka dahil graduating ka na. Hindi dahil ikaw ang magmamana

ng kompanya ay magiging pabaya ka na sa pag aaral mo.”

Mahaba-haba pa ang naging litanya ng ama ngunit nagpatuloy lang siya sa pagkain.

Hindi dahil ikaw ang magmamana ng kompanya ay magiging pabaya ka na sa pag-aaral mo... ulit ng isip niya.

Yes, I know that, okay? I'm the sole heiress, blah blah blah... You're talking about business again and I hate it. Paminsan-minsan ka na nga lang 'andito sa bahay, sinisermunan mo pa ako. You're a busy person. Hindi ba dapat busy ka ngayon?

Her father, Romero Medina, was always busy. He owned a big textile company. Maliban doon ay marami pa itong negosyo sa iba't ibang panig ng bansa. In short, isa sila sa mayayamang pamilya sa Pilipinas.

At siya lang naman ang tagapagmana ng lahat. Siya ang kaisa-isang anak ng mga magulang niya. Namayapa ang kanyang ina noong nasa unang taon siya sa kolehiyo dahil sa stroke. Mula nang mamatay ito ay nagpaka-busy na ang ama niya sa trabaho. At dahil madalas itong wala ay unti-unti siyang natutong maging pilya. Di kalaunan ay sinusuway

na niya ang mga utos nito.

Laging abala sa negosyo ng daddy niya kaya malaya siyang nakapamuhay sa paraang gusto niya. And Maya could say that she really enjoyed living her life. She cherished her freedom.

“Nakikinig ka ba, Maya?” untag ng ama.

Tinapos niya ang pagkain bago nagsalita. “Yes, Dad, I’m listening.”

“Sige, ulitin mo ang mga sinabi ko,” utos nito.

“Dad, kung uulitin ko ’yun, male-late na talaga ako. Kukuha pa ako ng admission slip. Pag tinamad akong kumuha baka um-absent na lang ako,” pasaway na sagot niya bago hinablot ang shoulder bag at dali-daling tinungo ang garahe kung saan naka-park ang kotse niya.

Yes! Natakasan ko si Daddy!

Hindi pa man niya nabubuksan ang pinto ng sasakyan ay tinawag na siya ng ama. Napalington siya.

“Maya, hindi ka nagpagasolina kahapon kaya mag-taxi ka.”

Patay! Late na talaga ako. Hay! Ang ulyanin ko

talaga, kainis!

Tatalikod na lang siya nang muli ay tinawag siya ng ama.

“Maya,” inabot nito ang kanyang toothbrush, “mag-toothbrush ka pagkarating mo sa school. Ang baho ng hininga mo,” biro nito.

Natawa na lang siya sa paglalambing ng ama. “Dad naman, eh!” Kinuha niya ang toothbrush at nagbeso sa ama.

“Eto pa pala, ibigay mo kay Brian. Nakalimutan niya kanina.”

Umismid siya bago kinuha ang envelope.

Ibibigay ko 'to sa kumag na 'yun? At saan ko hahanapin 'yun? Bakit kasi iniwan? Engot talaga!

Hinanap niya sa buong campus si Brian hanggang sa mamataan niya ito sa basketball court.

Hah! 'Andiyan ka lang pala, Brian Matthew Francisco...

Si Brian ay anak ng matalik na kaibigan ng kanyang ama. Namatay ang mga magulang nito dahil sa isang aksidente at mula nang mangyari iyon ay kinupkop na nila ang lalaki. Ang ama rin niya

Crime Of The Heart - Joyce Rodriguez

ang umako sa responsibilidad sa paghawak sa trust fund ni Brian. Nasa last will and testament ng papa nito na ang daddy niya ang tatayong magulang ng binata sakaling may mangyari rito.

Nasa ikatlong taon siya sa kolehiyo nang unang tumira sa kanila si Brian. Iisa ang unibersidad na pinapasukan nila. Natuwa ang ama niya dahil may makakasama na raw itong mag-golf at mag-gym. Natuwa rin siya dahil inisip niyang may makakasabay siya sa pagpasok. Pero mailap sa kanya si Brian.

Maganda ang pakikitungo nila sa isa't isa nang umpisa. Nagbago ang lahat nang piliin siyang maging ka-team ng binata sa isang debate competition. Outstanding student si Brian, varsity player at talagang campus heartthrob. Paano, matalino na, guwapo pa.

Member silang pareho ng debate society sa university at natuwa siya nang pagkatiwalaan siya ng lalaki. Pero natalo sila. Alam ni Maya na siya ang dapat sisihin.

Nabasted si Brian ng nililigawan nito. Nalaman niya beforehand na sa resulta ng competition nakakabit ang 'oo' ng nililigawan nito. Ang malupit, nabasted ito sa harap ng mga kasamahan sa varsity team.

Crime Of The Heart - Joyce Rodriguez

Hanggang ngayon ay naaalala pa rin ni Maya ang eksena ng pag-aaway nila.

“Alam mo ba kung gaano kahalaga sa akin ang competition na ’yon?” sigaw ni Brian.

Nasa bahay na sila noon.

Nagkibit-balikat lang siya. “Dahil sasagutin ka ni Laine kapag nanalo tayo?”

“So, you know!” Malakas pa rin ang boses nito. *“Kung gan’un, bakit hindi mo ginalingan kanina? Si Laine ang unang babae na seryoso kong niligawan. Napahiya pa ako sa mga ka-team ko dahil sa ’yo!”*

“Malay ko ba na may usapan kayong ganoon? Ano’ng klaseng relasyon ’yun? Nakadepende sa pagkapanalo mo sa competition ang sagot. Paano mo nasigurong gusto ka niya talaga kung ganoon? Ang sabihin mo, mayabang ka! Kasalanan mo kaya ka napahiya.”

“Ang labo mo! Akala ko matalino ka, tubig lang pala ang laman niyang utak mo!”

“Hoy, wala kang karapatan na insultuhin ako dahil lang sa nabasted ka,” asik niya.

“Crazy bitch!”

“Tse! Conceited jerk!”

Simula noon ay wala na silang pinagkasunduan. Nakatira sila sa iisang bahay ngunit daig pa nila ang mga estranghero. Para silang mortal na magkaaway sa tuwing magtatagpo ng landas. They always ended up insulting and irritating each other. Tila hindi kompleto ang araw nila kapag hindi sila nakapagbangayan.

“Hey, jerk, get over here!”

Napalingon si Brian sa pamilyar na boses at sa kaisa-isang taong tumatawag sa kanya ng ganoon.

The crazy bitch is here, bulong ng isip niya.

“Brian, look who’s just arrived. Sexy talaga!” Sumipol pa si Leo na nasa tabi niya. Varsity player din ito. “Pare, puwede ko bang ligawan ’yan? Balita ko split na sila n’ung si John.

Ang ganda talaga,” parang nanggigigil na dugtong ng best friend niya.

Binalingan niya ito. “Pare, unang-una, hindi ’yan sexy. Dinadaya ka lang ng paningin mo. Maganda? Sa standards mo siguro. Split na sila ni John?” He gave an exaggerated sigh. “Konti na nga lang ang

pumapatol, bini-break pa. Isa pa, *BI* ang babaeng 'yan, kaya huwag mo nang pagtangkaan na ligawan.”

“Hindi kaya ikaw ang niloloko ng paningin mo? Seriously, Pare, ang suwerte mo. Isipin mo nga, kasama mo sa bahay ang ganyan kagandang *babe*. Talaga bang hindi mo man lang binalak pormahan 'yan?”

“Puwede ba? Wala akong panahon sa kanya. Tumahimik ka na nga at palapit na siya.” Nilinging niya muli si Maya.

“You conceited jerk! Talagang ako pa ang pinalapit mo. Pinagod mo 'ko sa paghahanap sa 'yo.” Iniabot nito ang envelope. “Yan, pinabibigay ni Daddy.”

“Siguro sinadya mong ma-delay ito para hindi ako makapag-submit ng project sa oras. Ang sama mo.” Umiling-iling siya.

“Sorry, ha? May klase po kasi ako. At hindi ko na kasalanan kung iniwan-iwan mo 'yan.” Umismid ito, pagkatapos ay parang napansin si Leo sa tabi niya. “May friend ka din pala,” mapanuyang dagdag nito. “Come to think of it, an arrogant jerk like you.”

May point ito. May pagka-anti-social nga siguro siya.

“Ako nga ang nagtatataka kung paanong marami kang kaibigan. Crazy bitch from hell,” ganti niya.

Bago pa sila magkasagutan ay pumagitna na si Leo.

“Hep, hep! Tama na ’yan. Alam n’yo para kayong mag-asawa na nag-aaway dahil walang pera,” natatawang biro ni Leo. “Daig n’yo pa nga ang totoong mag-asawa sa bangayan ninyo. Hindi n’yo ba kayang mag-usap nang mahinahon?” Alam nito ang puno’t dulo ng lahat.

“Tse! Isa ka pa!” asik ni Maya. “Kahit kelan, hindi ako magiging asawa ng mayabang na ’yan!”

Tumawa siya nang sarkastiko bago humakbang palapit kay Maya.

“At sino’ng may sabi na pakakasalan kita, aber? Crazy bitch,” he added softly.

“Hindi ako baliw,” inis na sabi nito.

Kitang-kita niya na pinipigil ng dalaga ang galit.

Muling pumagitna si Leo. “Tama na ’yan sabi. Mamayang gabi pag-uwi na kayo maglambingan, huwag dito, nakakahiya,” tudyong nito.

Bago pa sila nakahirit ay hinila na siya ni Leo

palayo.

“Bye, Maya,” paalam nito at kinaladkad na siya.

Inis na sinuntok niya si Leo nang makalayo sila. Pero mabilis itong nakailag. Natatawa ito, marahil ay sa pagkairitang nakikita sa mukha niya.

“Anong mag-asawa? Upakan kaya kita?” banta niya.

Tumawa lang ito at inakbayan siya.

“Gutom lang ’yan, Pare! Away kasi kayo nang away. Dahil pa rin ba ’yan d’un sa debate competition? Napahiya ka man noon, tapos na iyon. Let it go, Pare.”

“Madami kaming hindi napagkakasunduan ng babaeng ’yun. Bukod sa makitid ang utak niya, wala na siyang ibang ginawa kundi magreklamo at talakan ako.”

“Ah, madami, ha? Anu-ano ba ’yung madami na iyon? Tell me everything.”

Walang siyang maisagot. Ang pagkatalo lang nila sa competition ang naiisip niya. Hindi naman niya sinadyang mainsulto si Maya noon. Kaya lang, kapag nakikita niya ito, bumabalik ang lahat ng pagkapahiya niya. Ito tuloy ang pinagbubuntunan

Crime Of The Heart - Joyce Rodriguez

niya ng sisi. At dahil lumalabas na siya ang naunang nang-away rito, naging palaban din si Maya sa kanya. Ang problema, hindi niya ito inuurungan. At tila wala ring balak ang babae na palampasin ang mga pang-aasar niya.

2

“Hoy, Bruha!”

“Ay, bakla!” gulat na sigaw ni Maya. Malalim ang iniisip niya at hindi niya napansin ang paglapit ng kaibigang si Dareen. “Gaga! Ginulat mo ’ko. ’Asan na ’yung dalawa?”

Umupo ito sa harap niya. Nasa isang pang-apatang mesa siya sa canteen ng college nila. “Naku, Girl, busy sila today. May date si Tomboy at si Mae, eh, nagsa-shopping kaya whether you like it or not, ako ang makakasama mo today,” sagot nito. Ang barkada nilang si Kim ang tinutukoy nitong tomboy. Umayos ito ng upo at tinitigan siya. “Anyway, ba’t parang ang lalim ng iniisip mo? Na-explore mo na siguro ang buong galaxy sa kaiisip?”

Inirapan niya ito. “*Gagi!* Naiinis lang kasi ako dahil sa mayabang na ’yun.”

Lumapad ang ngiti nito pagkarinig sa sinabi niya.

“Ay, sabi ko na nga ba, boylet, eh. Si Fafa Brian ’yan, ’no?” kinikilig na tanong nito. “Nakita mo siya sa basketball court?”

Napakunot-noo siya, pero tumango lang dito.

“Sayang, hindi ako nakasama. Nakita ko sana ang *yummilicious* niyang mukha. Napagnasahan ko rin sana ang katawan niya habang tumutulo ang pawis niya sa kanyang abs at—”

Hinampas niya ito para tumigil.

“Aray ko naman!” daing nito.

“Nakakadiri ka, ha! Kailan pa naging guwapo ’yun?”

Pinandilatan siya nito. “Nag-away na naman kayo, ’no?”

Umismid lang siya.

“Hindi ba kayo nagsasawang mag-away? Panahon pa ng dinosaurs ’yang problema n’yo, ah!”

“Kasalanan niya.”

“Gaga! Hindi mo lang kasi matanggap na nainsulto ka niya lalo na ’yang pride mo. Umasa ’yung tao sa ’yo pero ipinatalo mo. Tuloy, nainsulto pati ’yang katalinuhan mo. Ang sabihin mo, kaya ka nagagalit, eh, dahil si Brian lang ang nangahas na gawin sa ’yo ’yun.”

Nagkibit-balikat siya. May katotohanan ang

paratang nito. Nainsulto siya sa sinabi ni Brian noon. Kaya lagi niyang tinatarayan ang binata.

Wala talaga siyang balak ipatalo ang team nila. Pero nang malaman niya ang tungkol sa kondisyon ni Laine ay pinasok ng kapilyahan ang isip niya. Crush niya si Brian noon at akala niya ay may feelings din sa kanya ang lalaki kaya pinili siyang maging ka-team.

Pero, gagamitin lang pala nito ng binata ang galing niya para tanggapin ng nililigawan nito. Nagselos siya kaya sinadya niyang ipatalo ang laban. That two-faced jerk! Buong akala niya ay sincere ang pagkuha nito sa kanya bilang debate partner nito. May iba palang agenda. Tama lang dito ang mga pang-aasar niya.

“Hello? Earth to Maya!”

Napatingin siya sa kaibigan na kunot-noong nakatitig sa kanya.

“Ha?” tanong niya.

“Ang lalim talaga ng iniisip mo. Anyway, balita ko wala na kayo ni John? Gaga ka talaga. Ang bait n’un, ah.” Pero tumawa lang ito pagkaraan. “Well, dahil single ka, lalabas tayo.”

Ngumiti siya at tumango. Gusto din niyang lumabas. Hindi dahil sa nag-break sila ng nobyo. Gusto lang niyang mag-relax.

“Yay! Boylets, here we come!” excited na tili ni Dareen.

Kinurot niya ito. “Bakla!” natatawang sabi niya.

“Matagal na!” nakatawang sagot nito.

Alas diez na ng gabi ay hindi pa rin tumitigil si Leo sa pangungulit kay Brian na lumabas sila. Wala raw pasok kinabukasan. Sinundan pa siya nito sa bahay ng mga Medina.

“Sige na, Pare, labas na tayo. Kaya ka tinutukso ni Maya na nerd at loner ay dahil hindi ka masyadong lumalabas.”

“Pare, alam mo ba kung anong oras na? Oras na ng pagtulog. Isa pa, may social life din ako,” depensa niya.

Napakamot ng ulo si Leo. “Oo na, meron na kung meron. Pero tanghaling tapat ka nag-aayang uminom. Ano kaya ’yun?”

“Mabuti na ’yung sikat pa ang araw.”

“Okay. Kung gan’un, kukulitin kita hanggang umaga para may araw na.”

Para magtigil na ito ay pumayag na lang siya. Nagbihis lang siya at umalis na sila.

Ramdang na ni Maya ang pagkahilo dahil sa nainom na alak. Mula sa restroom ay tinungo niya ang table nila ni Daren para hintayin ang kaibigan na nasa dance floor. Pinatatag niya ang sarili para hindi mahilo ngunit mas malakas ang tama ng alak. Napansin siguro iyon ng kaibigan kaya dali-dali itong bumalik sa table nila.

“Friend, are you okay?” nag-aalala nitong tanong.

“Topsy lang. Pero umuwi na tayo, puwede?” Umiikot na ang paningin niya.

“Oh, sige, wait lang at aayusin muna kita.”

Naka-tube si Maya at mini shorts at nag-aalala si Daren na baka mabastos sila ng kaibigan. Inilabas nito ang dalang jacket at ipinasuot iyon sa kanya. Halos hindi siya makatayo kaya inalalayan siya nito. Pasuray-suray na ang kanyang lakad.

Hindi sinasadya ay may nabangga siyang lalaki.

Natapon ang iniinom nito at nabasa pa ang damit. Nahihilo na siya at hindi nakuhang humingi ng paumanhin. Nang humakbang siya paalis ay bigla na lang hinawakan ng lalaki ang kaliwang kamay niya, dahilan para mapalingon siya rito.

“Aba, bastos ka, ah! Binangga mo ako at hindi mo man lang magawang mag-sorry?” sigaw nito.

Tingin niya ay mas matanda ito sa kanya ng limang taon.

Immature, her mind hazily registered.

Lumapit sa kanya ang lalaki at tiningnan siya mula ulo hanggang paa.

“Well, I should say, maganda ka. Why don’t you dance with me to make up for what you’ve done to my shirt?” anito, mas lumapit pa sa kanya.

Hindi siya agad nakapag-react dahil nahihilo na siya.

“Bi-bitawan mo ako,” nauutal na sambit niya. Ipiniksi niya ang braso upang makawala rito.

“Ah, eh, Guwapo,” sapat ni Daren, “medyo nahihilo na kasi ’tong kaibigan ko. Sorry, ako na ang humihingi ng paumanhin sa ’yo.”

Tila walang narinig ang lalaki at muli ay hinagip ang kamay niya. Hinila siya nito papunta sa dance floor. Walang nagawa si Daren dahil hawak ito ng mga kasama ng lalaki.

“Sabing bitawan mo ako, eh!” sigaw ni Maya habang pilit na kumakawala sa pagkakahawak ng lalaki.

Pagpasok sa bar ay namataan ni Leo si Daren na pinipigilan ng dalawang lalaki.

“Pare, di ba, kaibigan ni Maya ’yun? Siguro ’andito rin si Maya, asan kaya siya?”

“Wala akong pakialam,” sagot ni Brian subalit napalingon siya pagkarinig ng sigaw ni Maya.

Kilala niya ang boses ng dalaga kaya alam niyang hindi siya nagkakamali. Hinanap niya kung nasaan ito. Hinihila ito ng isang lalaki papunta sa dance floor. Nanlaki ang mga mata niya at bigla siyang nakaramdam ng galit pagkakitang hawak ng lalaki ang kamay ng dalaga. At halatang nasasaktan si Maya. Mabilis niyang tinungo ang kinaroroonan ng mga ito at hinila ang dalaga palapit sa kanya.

“Pare, sabi ng babae bitawan mo siya,” asik niya.

Nang ambahan siya ng lalaki ay walang pag-aalinlangan na sinuntok niya ito. Kaagad niyang dinaluhan si Maya na saglit niyang iniwan. Amoy alak ang hininga ng dalaga. Napayakap ito sa kanya, sa pagkahilo marahil.

“She’s my girl so keep off!” sigaw niya habang hawak ang baywang ni Maya.

Hindi agad nakabangon ang lalaki dahil sa lakas ng suntok na natamo. Pinakawalan ng mga kasama nito si Daren para alalayan ang nakalugmok na barkada.

Naalala ni Maya ang nangyari kagabi. Hindi pa siya tuluyang nawalan ng ulirat nang ipagtanggol siya ni Brian kaya kahit paano ay aware siya sa ginawa ng binata. Nakayakap siya rito. Amoy na amoy niya ang pabango nito at ramdam din niya ang mga bisig nito na nakapulupot sa kanya. Gusto niyang maramdaman pa nang matagal ang yakap ni Brian ngunit unti-unti na siyang hinila ng antok at pagkahilo. Hindi na niya namalayan na tumiklop na ang kanyang mga mata.

They came home late, and with her drunk on top of that. Akala niya ay palalampasin iyon ng ama

dahil wala itong sinabi kagabi. Pero iba ngayong umaga.

“Dad, is this a joke?” hindi makapaniwalang tanong niya. “Brian would be my what?”

“Ganyan din ang reaksiyon ni Brian kanina,” napailing na saad ni Romero Medina. “You heard me, Hija, and my decision is final.”

Napatayo siya sa kinauupuan. “Dad, you can’t do this to me!”

“You have no right to complain,” mahinahong sagot ng matanda bago inayos ang mga papeles na nagkalat sa desk nito.

“But, Dad...” nagmamakaawang hirit niya.

“No buts, bear with it. Be thankful you’re not grounded. I have to go.” Kinuha nito ang case at lumabas na sa study room.

Naiwan si Maya roon. Hindi siya makakilos.

Is this real? Napabuntong-hininga siya.

At first, inisip ng tatay niya na bigyan siya ng driver. Para hindi siya makaalis nang hindi nagpapaalam, gaya ng ginawa niya nang magpunta sila ni Daren sa bar. Ngunit tila napagtano agad nito

Crime Of The Heart - Joyce Rodriguez

na madali lang siyang makakatakas sa driver. Kaya ginawa nitong personal bodyguard niya si Brian.

Whether she liked it or not, her father said.

Sasamahan siya ng binata sa lahat ng lakad niya at sabay silang uuwi hanggang sa matapos ang sem at maka-graduate sila.

Unbelievable! bulalas ni Brian sa sarili habang nagmamaneho papunta sa school.

God, para akong yaya ng brat na 'yun! Isang buwan na nga lang bago ang graduation, nadamay pa ako sa kalokohan niya. Sakit talaga ng ulo...

Napabuntong-hininga siya.

Mapapatawad ko na sana siya sa nangyari noong debate competition, but now...

Hinampas niya ang manibela dahil sa sobrang pagkainis. Naalala niya ang mga sandaling yakap-yakap niya si Maya. Kinailangan pa niyang sabihin na kasintahan niya ito para tigilan sila ng lalaking nambastos dito.

Nang binuhat niya ang dalaga na nakatulog na dahil sa kalasingan ay damang-dama niya ang

buong katawan nito. Her skin was so soft, her body so warm. Iyon ang unang pagkakataon na natitigan niya ito nang husto.

Nang mapadako ang mga mata niya sa mga mukha nito ay tila biglang nawala ang galit niya. Maamo ang mukha ng dalaga. Tama si Leo, niloloko niya ang sarili. Hindi talaga maipagkakaila na maganda si Maya.

And she had a gorgeous body.

Why am I thinking of her? sita niya sa sarili. This is crazy. She's making me crazy!

Hinihintay ni Maya sa lamesa ng isang café ang mga kaibigan. Tinawagan niya ang mga ito para humingi ng payo. Nang makumpleto sila ay ikinuwento niya agad ang 'parusa' ng daddy niya.

“Guys, ano’ng gagawin ko?” tanong niya.

Tinaasan siya ni Daren ng kilay.

“Bruha ka! Huwag ka na kasing magmaktol. Ayaw mo noon? Magkakasama kayo ni Fafa Brian,” malanding sabi nito. “Naku, para talaga akong nanonood ng romantic movie nang gabing iyon. Bagay na bagay talaga kayo. Lalo na nang yakapin

ka niya... hay, nakakakilig!”

“Tse! Tumahimik ka!” angil niya.

“Tol, hindi issue kung payag ka sa desisyon ng tatay mo o hindi. Ang tanong ay kung susunod ka,” ani Kim na nakaupo sa tabi niya.

“Hello?” sabat ni Mae. “Kailangan niyang sumunod sa ayaw niya at sa gusto! Tingnan ko lang pag binawasan ng daddy mo ang allowance mo.”

“Kaya nga, ano nga ang gagawin ko?” tanong muli niya.

“Sumunod ka! Ang kulit!” korong sigaw ng tatlo.

Napaismid siya.

“Isang buwan lang naman halos,” dagdag ni Daren.

Wala siyang magawa kundi bumuntong-hininga. May katuwiran ang mga kaibigan pero ayaw niyang makasama si Brian hangga’t maaari. Kinikilabutan siya kapag naaalala ang yakap nito. Ayaw niyang malaman kung ano ang nadarama niya.

Tama yata si Brian.

I’m crazy.

Nasa sasakyan na si Brian nang dumating si Maya sa garahe.

Hindi man lang ako pagbuksan ng pinto! So much for having a bodyguard, tahimik niyang reklamo bago sumakay sa kotse.

Tumingin siya sa katabi.

“FYI, hindi ko rin gusto na makasabay ka. Sa lahat ng tao, ikaw pa ang pinagkatiwalaan ni Daddy sa kaisa-isa niyang anak.”

Pinaandar ni Brian ang makina at iginiya ang sasakyan palabas ng bahay.

“Nice to know you’re aware that the feeling is mutual.”

“Ayusin mo na lang ang pagmamaneho at ayokong maaksidente kasama ka,” utos niya.

“Huwag kang mag-alala dahil tatalon ako palabas ng kotse kapag nangyari ’yun,” sagot nito.

“Aba, at...” Napatigil siya sa pagsasalita dahil bigla nitong inihinto ang sasakyan. Kunot-noo siyang tumingin dito. “Ano ba’ng problema mo?”

Inis na kinuha nito ang kamay niya. “Eto ang

Crime Of The Heart - Joyce Rodriguez

piso, pagdating natin sa school, bumili ka ng kausap mo.” Inilagay nito sa palad niya ang barya. “Wala akong panahon sa ’yo. Tumahimik ka at huwag mo akong iniistorbo.”

“Akala mo natutuwa akong kausapin ka?”

Naglagay ito ng earphones bago muling pinaandar ang sasakyan.

Kinuha niya ang cellphone at nag-text na lang.

Pagkaparada ng sasakyan ay umalis kaagad si Brian at iniwan siya nang di nagsasalita.

3

“Binigyan ka ng piso?” natatawang tanong ni Kim. “Loko ’yun, ah! Bilib na ako kay Brian.” Tumawa itong muli.

Naikuwento niya sa mga kaibigan ang nangyari at pinagtawanan pa siya ng mga ito.

“Eh, ano na naman kasi ang ginawa mo?” tanong ni Dareen

“Wala nga. Ewan ko sa kanya.”

“Sister, I can’t believe na hinayaan mo lang na gan’on. Serious, wala kang pambanat?” ani Mae.

Inismiran niya ito.

“And speaking of the guwapo, here he comes,” anunsyo ni Dareen.

Napatingin siya sa entrance ng cafeteria. Papalapit sa kanila si Brian. Seryoso ang mukha nito.

“Mag-usap tayo,” derechong sabi nito sa kanya. “In private.”

Nagpaalam siya sa mga kaibigan at sumunod sa lalaki. Naninibago kasi siya sa walang kangiti-

ngiti nitong mukha kaya di na siya nagtanong. Dati naman ay nakukuha pa nito na magbiro. Pumasok sila sa isang bakanteng classroom.

“Ano ba talaga’ng sasabihin mo?” umpisa niya.

Huminga ito nang malalim bago siya tiningnan.

“Maya, please listen. Pareho nating hindi gusto ang mga nangyayari kaya kung puwede, let’s be civil. You know my academic status and I want to maintain my outstanding grades. Hindi ko magagawa ’yun kung... distracted ako sa pagkainis sa ’yo.” Tumigil ito sandali. “Kaninang umaga ang thesis defense ko, and I couldn’t concentrate because I was so irritated with you.”

Natahimik siya, pagkatapos ay huminga nang malalim. Hindi niya alam ang sasabihin.

“Please, I’m asking you. Isang buwan na lang bago ang graduation at matatapos na rin ang parusa sa ’yo,” saad nito.

Napagpasyahan niyang idaan na lang sa pambabale-wala ang lahat.

“Sus, akala ko kung anong engkanto na ang sumanib sa ’yo at ginagamit mo ang salitang please. Sige, hindi na kita aawayin or kukulitin. . .”

“Talaga?”

“Oo na sabi!” naiinis na muling sagot niya.

Nakita niyang tipid na ngumiti ito bago nagpaalam. Ang alam niya ay candidate ito for *summa cum laude* at magtatapos sa kursong accountancy ang binata. Nagsisikap ito para sa yumaong mga magulang. Alam niya ang pakiramdam ng mawalan ng ina kaya ipinangako niya sa sarili na tatantanan muna ang lalaki. Mas masuwerte siya rito kung tutuusin. She still had her father. May mga kamag-anak din si Brian. But he was technically an orphan.

Tumupad si Maya sa usapan nila. Tahimik lang ito kapag magkasama sila at hindi na siya nito inaangilan o kinukulit. Kahit paano, nasasanay na siya bilang bodyguard-driver nito. Inihahatid niya ito kahit saan pumunta, mag-isa man o kasama ang mga kaibigan nito. Ikinagulat niya nang sabihin nito sa kanya na isama si Leo kung gusto niya para hindi siya mabagot.

Naabutan niya ang dalaga na nagme-merienda sa veranda. Naupo siya sa tapat nito. May limang minuto na siyang nakaupo at tapos na rin itong kumain ay hindi pa rin ito nagsasalita.

“Maya, hindi kaya mapanis ‘yang laway mo dahil sobra kang tahimik?” biro niya.

Tumingin ito sa kanya. “Binigyan mo ako ng piso, remember?”

“Siguro, inihulog mo ‘yun sa wishing well at nag-wish na kausapin kita. So, here I am.”

“Ambisyoso ka. Feeling mo gusto kitang kausap? Bakit ko naman gagawin ‘yun? Sayang ang piso. Ang mabuti pa, bumalik ka na sa kuwarto mo at mag-aral ka. Nerd!”

“Nerd na kung nerd! Bakit ikaw, *magna cum laude*?” Nalaman niya iyon kay Leo. Crush na crush kasi nito ang dalaga kaya updated kay Maya. “May laman din pala ‘yang utak mo,” tukso niya.

“Di ba, sabi mo tubig ang laman ng utak ko?”

Natawa siya. “Come on, galit lang ako n’un. Ang galing mo din. Nagagawa mo pang maglakwatsa kahit malapit na ang finals. Ano’ng meron sa utak mo?”

“Tubig nga!” sagot nito. “Wala sa ‘kin kung *cum laude* man ako o hindi. Mind your own business kung ayaw mong isabotahe ko ‘yang pag-aaral mo!” Tiningnan siya nito nang masama bago tumayo at

umalis.

Natawa na lang si Brian. Nagtataka siya kung bakit ngayon na hindi siya iniirita ni Maya ay siya naman ang lumalapit para mapansin nito.

Labag man sa loob ay sumama si Maya sa graduation ni Brian. Utos iyon ng ama kaya tiniis na lamang niya. Nagpapasalamat na lang siya at magkaiba ang schedule ng graduation nila.

Gayunman ay pinagsabay na ang graduation party nila sa bahay. Political Science ang course ni Maya. Tuwang-tuwa siya habang pinagmamasdan ang kanyang diploma. Dahil hindi nakatingin sa dinaraan ay nakabangga niya si Brian sa pasilyo ng kanilang bahay.

“Ano ba, di mo ba ako nakita?” reklamo niya.

“Baka mabura na ’yang nakasulat sa diploma mo sa pagkakatitig mo,” pang-aasar nito.

“Pakialam mo ba,” asik niya.

“Matulog ka na at gabi na. Pakalat-kalat ka pa sa hallway kaya ka nababangga.”

“Ikaw ang matulog kung gusto mo!” sigaw

niya. Tutunguhin na niya ang sariling kuwarto nang tawagin siya ni Yaya Sering.

“Puntahan mo daw ang daddy mo, Hija. Nasa study room siya,” anito.

Nagkibit-balikat siya. Nais din niyang makausap ang ama. Umupo siya habang hinihintay itong matapos sa pagpirma ng mga dokumento. Ilang sandali pa ay hinarap na siya nito.

“So, Anak, what’s your plan now?” agad na tanong nito sa kanya.

“Well, Dad, wala pa akong plano pero...”

“Brian will review for the CPA exam. What about you, what are you gonna do?”

Huminga siya nang malalim.

“I don’t know yet. Pero sana mag-”

“Mag-enroll ka. Take up a bussines-related course,” putol nito.

Napakunot-noo siya. “What? Dad, I can’t. I don’t want to.”

“But you will. It’s time you start learning how to handle our company.”

“No! I will not!” sigaw niya.

Kalmado ang boses nito nang muling magsalita.

“Maya, pinagbigyan kita nang *Pol Sci* ang kinuha mo. Alam kong pinaglaruan mo lang ang pag-aaral kahit pa may honors ka. Now, susundin mo ang sasabihin ko. Anak kita at walang ibang mamamalakad sa kompanya kundi ikaw lang.”

“No!” Tumayo siya sa kinauupuan. “I want to take up Law,” bulalas niya.

Matiim na tumingin ang matanda sa kanya.

“Really? O, baka magloloko ka lang! I know you, Maya. Sooner or later ay magsasawa ka sa kursong iyan. Just do as I say.”

Napailing siya. Kahit hindi pa siya ganoon kadesidido, may pangarap siya. Alam niyang hindi biro ang pagkuha ng abogasya. Pero gusto niyang subukan. She wanted to pursue her dream. At alam niyang hindi iyon maiintindihan ng ama.

“Dad, just please, let me try,” pakiusap niya.

“Be mature, Maya. May responsibilidad ka sa kompanya natin,” sabi nito.

Hindi siya makasagot dahil tila nakapagdesisyon

Crime Of The Heart - Joyce Rodriguez

na ito. Nagbabadyang tumulo ang kanyang luha kaya walang-imik siyang lumabas. Pumasok siya sa kanyang kuwarto at doon ibinuhos ang sama ng loob sa pamamagitan ng pag-iyak.

Nag-eempake si Brian ng mga gamit. Lilipat na siya sa condo unit na graduation gift ng Tito Romero niya. Mabuti na gawin iyon agad para makapag-concentrate siya sa board exam. Nang matapos sa ginagawa ay naisip niya kung magpapaalam siya kay Maya.

Bakit ko gagawin 'yun? Malamang ay matuwa pa 'yun at magpa-party!

Lumabas siya ng kuwarto para magpaalam kay Romero Medina. Nakita niyang tinakbo ni Maya ang silid nito. Napakunot-noo siya.

Ano'ng problema n'un? tanong niya sa sarili.

Nagtungo siya sa study room kung saan alam niyang naroon ang matanda. Mukhang malungkot ito.

“Tito, kumusta po?” Nanatili itong tahimik. “Si Maya po ba?” muli ay tanong niya.

Tumingin sa kanya ang matanda. Umayos ito ng

Crime Of The Heart - Joyce Rodriguez

upo at nagsikap ngumiti sa kanya.

“Ngayon na nga pala ang alis mo,” saad nito. “I have something to say before you leave.”